

Bagong Taong Liham Pastoral 2008

**ANG DAKILANG PAGPAPAKAMARTIR  
SA KYOTO - INSPIRASYON NG MAKABAGONG  
EBANGHELISASYON – Ikalawang Bahagi**

- Pagsasabuhay ng Pagpapakamartir (*Maruchiru*)<sup>1</sup> sa Kasalukyan

Paul Otsuka Yoshinao, Obispo ng Kyoto

*1. Ang Taon ng Beyatipikasyon ni Pedro Kibe at 187 iba pang mga Martir*

Manigong Bagong Taon sa inyong lahat! Muli sa taong ito sana ang lahat ng nananampalataya sa Diyosesis ng Kyoto, “Lahat ay Nagkakaisa” (ang aking pang-episkopal na motto), ay magpapatuloy sa Sama-samang Paggawa Para sa Misyong.

Nung ika-6 ng Hunyo ng nakaraang taon, kinumpirma ng Papal Congregation for the Causes of Saints ang pagsang-ayon ng Papa Benedikto XVI sa beyatipikasyon ni Pedro Kibe at 187 iba pang mga Martir at nung Setyembre [2007] ipinahayag na ang seremonya ng beyatipikasyon ay gagawin sa Nagasaki sa Lunes, ika-24 ng Nobyembre 2008.

Nagpasya ako, tulad ng ginawa ko nung nakaraang taon, na muling gamitin bilang tema sa taong ito “Ang Dakilang Pagpapakamartir sa Kyoto – Inspirasyon ng Makabagong Ebanghelisasyon,” at gusto kong ang mga tao sa Diyosesis ng Kyoto ay muling magbago ng pasyang panghawakang mabuti (get to grips) ang “makabagong ebanghelisasyon” sa pamamagitan nang paggamit sa pananampalataya ng mga Martir na mabi-beyatipay bilang huwaran ng “pagsasabuhay ng Misa sa pang-araw-araw na buhay.”

*2. Pagbubuo (consolidating) ng Sistema ng mga Gawaing Pangparokya para sa “Makagong Ebanghelisasyon”*

Pitong taon na ang nakalipas simula nung ipakilala nung 2001 ang Sama-samang Paggawa Para sa Misyong sa lahat ng 56 na parokya ng Diyosesis ng Kyoto. Noong nakaraang taon ay natapos ang limang taong

paghahanda ng 'Parish Code of Practice.' Gusto kong ipahiwatig ang aking utang na loob sa lahat sa inyo sa inyong pang-unawa at walang humpay na pakikipagtulungan – tunay na maraming-maraming salamat. Mayroon na tayong balangkas na siyang magdi-direct sa pamamamahala at gawain ng simbahang may responsibilidad para sa 'Makabagong Ebanghelisasyon sa Paraan ng Sama-samang Paggawa Para sa Misyong.' Ang susunod na hamon ay ang paghahanap ng mga paraan na manatili sa tamang linya ang inilunsad na pangsektor na sistema. Ang pangsektor na sistema ay may layuning ang "komunidad ng Simbahan ay lalo pang maging maka-misyonero habang ang lahat ng mga kasapi nito ay nakikibalikat sa lahat ng mga gawain," sa pagtataguyog ng ganitong layunin ang bawa't simbahan ay kailangang maghanap ng mga paraan upang lalo pang mabuo ang pangsektor na sistema.

### *3. Taon ng Sama-samang Pagdarasal at Pagmuni-muni sa Dakilang Pagpapakamartir sa Kyoto*

Itinalaga ko ang panahong sa pagitan ng Oktubre 6 ng nakaraang taon, ang araw ng pagdiriwang ng Dakilang Pagpapakamartir sa Kyoto, at Nobyembre 24 ng taong kasalukuyan, ang araw ng seremonya sa beyatipikasyon, bilang "Taon ng Sama-samang Pagdarasal at Pagmuni-muni sa Dakilang Pagpapakamartir sa Kyoto." Layunin nito, kasama na rin ang pasasalamat sa desisyon na i-beyatipay sila, na matutunan natin ang kasaysayan ni Pedro Kibe at ang 187 na iba pang mga Martir, lalo na yung Dakilang Pagpapakamartir sa Kyoto, at ang pagmuni-muni sa pananampalataya at pagpapakamartir noong Panahon ng "Kirishitan"<sup>2</sup> na sana ay makabuo tayo ng pang-unawa at kamulatan ng "kasalukuyang pagpapakamartir." Upang magawa ito, nagpadala ako ng mga kopya ng dalawang maliit na aklat, *Ang Dakilang Pagpapakamartir sa Kyoto Noong Oktubre 6, 1619*,<sup>3</sup> *Pedro Kibe at ang 187 na Iba Pang Martir*<sup>4</sup> sa inyo sa lahat ng simbahan.

Nagtayo din ako ng mga espesyal na mga komite sa diyosesis para sa pagsasaayos ng mga gawain para sa pag-alala sa beyatipikasyon ng mga biktima ng 'Mga Dakilang Pagpapakamartir sa Kyoto.' Ang komiteng ito ay nagpapalano ng iba't-ibang gawain upang tulungan ang diyosesis sa pagdiriwang ng beyatipikasyon sa mabungang paraan. Hinihingi ko ang

inyong pakikipagtulungan sa pag-aabuloy sa isang espesyal na pondo na siyang gagamitin sa mga gawaing ito.

Hiniling ko rin ang bawa't Regional Pastoral Council, block at parokya na magkaroon ng kanilang sariling mga gawaing sa pag-alala sa mga martir.

#### 4. *Pagsasabuhay ng Kasalukuyang Pagpapakamartir (Maruchiru)*

Sa panahon ng *Kirishitan*, ang Chinese na sulat na 丸 maru, 血chi, 留 ru ay ginamit sa paggawa ng sulat Nihongo ng salitang Latin para sa pagpapakamartir – ‘martirio’. Sa salitang ‘maruchiru’, ang mga letrang kasama at ang tunog ay napakagandang ipinapahayag ang pananampalataya at damdamin ng mga martir. Ang mga martir na siyang dumanas ng matinding pag-uusig at tauspusong naghintay na makarating sa *paraiso*<sup>5</sup> at tiniis ang lahat ay nagsasakripisyo ng lahat (na ipinapahayag ng 丸ごと, ang buong sarili), nagtaya ng kanilang buhay (na ipinapahayag ng 血, ang dugong kanilang idinanak), at buong tibay na tumayo sa kanilang pananampalataya (na ipinapahayag ng 留, hindi natitinag).

Ang pag-uusig na ating dinadanas sa kasalukuyang panahon ay hindi gawa ng mga malalakas na tao, nguni't ito ay narito pa rin at gumagapang sa ating kaloob-looban. Sa buong mundo, unti-unting lumalaganap ang pag-iisip na ang pananampalatayang Kristiyano ay nasa sa tabihan lamang. May mga masamang pinahahalagahan sa ibang bansa: subjectivism na nagdudulot ng ugaling tulad ng “Kung tingin ko ay maganda naman, di ba't tama na yon?, moral relativism na nagtatanong, “hangga't hindi naman nakakasama sa iba, OK lang di ba? Nihilism na nagpipilit na “Walang bagay na sigurado sa ating buhay na ito.” Ito ang mga tukso sa tao na sundan ang pamumuhay na wala ang Diyos. Ang uri ng tuksong ito sa kasalukuyan ay hindi galing sa labas ng Simbahan kundi mula sa loob, mula sa mga Kristiyano mismo, na kahit na ang kaligtasan na hinahangad ng mga may pananampalataya ay nagiging hindi relihiyoso (secular). Ito ang bagong uri ng pag-uusig na hinaharap natin. Upang mapagtagumpayan ang “pag-uusig na pang-ispiritwal” sa panahon ng hindi relihiyoso (secular), kailangan natin ngayon, lalong lalo pa, na isipin ang *Maruchiru*, ang mga martir ng panahon

ng *Kirishitan*.

##### 5. *Ang Puso ng mga Martir (Maruchiru) - Pagpapakumbaba*

Ang pagpapakamartir ay hindi lamang ang makasaysayang pagsasakripisyo ng pagkamatay pagkatapos na tiisin ang teribleng tortyur. Ang sinomang Kristiyano ay maaaring magtanong sa sarili, “Kung narating ko ang puntong yon, kaya ko kayang tiisin ang pagkamatir?” Marami na alam ang kanilang mga kahinaan ang magsasabi na hindi kailan man nila mararanasan yon. Yan ay tunay na tapat na kaisipan, nguni’t hindi nila nauunawaan ang unang bagay sa pagpapakamartir. Sa katunayan, sa tingin ko ay hindi kayang sabihin nino man na handa nilang danasin ang pagpapakamartir. Yung mga taong humarap sa pag-uusig at tuluyang naging martir ay nagawa yon hindi lamang dahil sa kanilang pansariling lakas ispiritwal, kundi nagawa nilang napanatili ang kanilang pasya dahil sa kanilang pananalig sa Diyos at sa pamamagitan ng kanyang Biyaya. Hindi sariling gawa kundi ang kanilang taus-pusong pagsalalay sa Diyos, at dahil lamang sa kanilang pananampalataya sa Diyos, na sa kanilang oras ng pangangailangan nakuha ng mga martir ang sapat na pangtaong kabuuan ng loob.

##### 6. *Pagpapakamartir bilang pag-aalay para sa Misyon*

Ang pinagmulan ng pagpapakamartir ay ang kamatayan ni Kristo. Si Kristo ay hindi nag-isip na mabuhay upang sagipin ang kaniyang sarili kundi namuhay siya para lamang sagipin ang ibang tao, na minamahal niya nang buong puso. Ito ay kanyang nagawa sa pamamagitan ng kanyang pagkamatay sa krus. Hindi natin dapat kalimutan na ang pagkabuhay at pagkamatay na ito ay ang kaganapan ng kagustuhan ng kanyang Ama. Sa ibang salita, maari nating sabihin na ang pagkamatay ni Hesus ay isang pag-aalay, na naaayon sa kagustuhan ng Kanyang Ama, para sa ikabubuti ng Kanyang misyon na isabuhay ang pagmamahal ng Kanyang Ama. Sa katulad na kalagayan, ang mga hindi mabilang na pagpapakamartir na naganap sa buong kasaysayan ng Simbahang Katoliko ay isang uri ng

pag-aalay para sa misyon. Ang mga martir, kahit na sila ay pinatay, ay hindi tumanggap ng pagpapakamartir upang ipakita nang walang takot ang lakas ng kanilang pananampalataya at katapangan, inialay nila ang kanilang buhay upang maging saksi sa pag-iral ng Diyos, ng Kanyang awa at ng kanyang Pag-ibig.

Mayroon tatlong bagay, samakatuwid, na dapat gawin sa kasalukuyang pagpapakamartir. Ang una ay ang 'pagpapahayag ni Hesu-Kristo'. Sa taong may pananampalataya ang paraan ng kanyang pamumuhay ay hindi 'kahit ano puwede' kundi binubuo ng paniniwala sa pagsagip sa pamamagitan ni Hesu-Kristo at pagmamahal na itinataya ang lahat sa pag-asang magkakaroon ng buhay na walang hanggan. Pangalawa, ang taong may pananampalataya ay nabubuhay nang may 'matibay na paniniwala na itataya niya ang kanyang kamatayan para dito'. Siya ay parating nagsisisi sa kanyang mahinang pananampalataya. Pangatlo, ang taong may pananampalataya ay 'hindi nabubuhay nang palihim'. Ang pananampalataya ay hindi bagay na tamang isabuhay ng nakatago, na para sa sarili lang natin; ang biyaya ng Diyos ay hindi maihihiwalay sa bokasyon ng pagsasabuhay (bearing witness).

#### *7. Ibigay sa Panginoon ang Kanyang Ibinigay sa Iyo*

Sinabi ni San Agustin, sa isang sermon, ang sumusunod tungkol sa mga martir: "Ang halaga ng pagbawi muli ng kamatayan ng isang martir ay ang kamatayan ng isang tao. Gaano kadami kayang mga kamatayan ang ibinalik sa pagkamatay ng isang taong ito. Kung hindi sa Kanyang kamatayan, ni isang butil ng trigo ay maaaring hindi magkaroon ng maraming bunga. Ibinalik ng mga martir sa Panginoon kung ano ang ibinigay sa kanila."

Ang salitang, "Ibinalik ng mga martir sa Panginoon kung ano ang naibigay sa kanila" ay maaaring magamit hindi lamang sa mga martir kundi sa lahat ng tao. Ang iba't-ibang tao ay may kani-kaniyang paraan ng paggawa nito nguni't lahat sila ay nagbabalik sa Panginoon ng kanilang natanggap. Sa ibang salita, maaari nating sabihin na mayroon 'pagpapapakamartir sa pamamagitan ng kamatayan' at 'pagpapakamartir na hindi namamatay'.

Alinman sa mga ito ay buhay na iniaaalay sa Diyos. Kadalasan nating iniisip ang ating buhay bilang sarili natin. Nguni't totoo nga ba kaya ito? Bagama't parang ang ating buhay ay sarili natin, nagsimula ito at magtatapos nang wala akong kinalaman, at labas ito sa aking kapangyarihan na mapahaba pa. Ang mga tao ay sinasagip sa pamamagitan ng pagtubos ni Kristo at ang ating buhay ay handog mula sa Diyos.

#### *8. Pagsasabuhay ng ating pangako sa Diyos*

Simula sa oras ng ating pagsilang, hinahamon ang mga tao na tumugon sa pag-ibig ng Diyos. Ang pag-ibig ng Diyos ay lubusang inihayag sa pagkamatay ni Kristo sa krus. Para sa ating mga Kristiyano, ang buhay ay hindi kapalaran na walang pakialam sa kagustuhan at gawa ng tao. Makikita natin ito sa paningin na nagtatanong, 'paano tayo mabubuhay na tumutugon sa walang hanggananang pag-ibig ng Diyos na ibinubuhos sa sangkatauhan?' Ipinakita ng mga martir, sa pagbibigay ng kanilang buhay, na sila ay inibig ng Diyos. Maaari nating sabihin na ang pamamaraan ng buhay, na ipinahiwatig ng kamatayan ng isang naghihingalong martir, ay pamumuhay ayon sa Kasunduan (Covenant) sa Diyos. Ang buhay ng tao ay isang misteryong hindi maunawaan. May mga tao na kung tamaan ng masakit at mapait na mga pangyayari, sa imbis na magkaroon ng layunin ang buhay, ay nawawalan ng pag-unawa sa kahulugan nito, ng kanilang lakas na mabuhay, at natutulak sila sa bingit ng kawalan ng pag-asa. Meron ding iba na, kahit hindi gaanong malala ang kalagayan, ay sinisira ang sarili sa pagtatanong ng 'bakit ito nangyari sa akin?', 'bakit ako ay sobrang malas?', o 'bakit ko kailangang gawin ito na laban sa aking kalooban?' Dahil nga sa mga panahong ganito na ating ibinabalik ang pangako sa ating binyag, ang pangako ng pagtiwala sa pag-ibig at lakas ng Diyos at ang pagtugon doon.

#### *9. Katapangan sa Pagsunod kay Kristo*

Naitala na noong, sa huling bahagi ng buhay niya, ang namayapang Papa Juan Pablo II ay matanda na at puspos ng sakit, siya ay tinanong ng isang mamamahayag kung gusto niyang magretiro. Ang sagot niya, 'si Kristo ay hindi bumaba sa krus'. Malakas ang kagustuhan ng Papa na manatili

[bilang Papa] na ang buhay ay naka-alay sa Diyos at tuparin ang kanyang bokasyon hanggang sa huli. Tayo ring mga Kristiyano ay umaasa at nagnanasa na mahanap ang daan ni Kristo upang maging tunay na tagasunod niya. May mga pagkakataon na, dahil sa malupit na pagdurusa, parang hindi ito kaya ng tao. Nguni't kung iisipin natin ang pamamaraan ng buhay ng ating guro na si Kristo, at ang kanyang hitsura sa krus, sa tingin ko, tulad ng tumandang Papa malalaman natin ang lakas ng loob at kababaang loob na sundin si Kristo nang may malakas na pagnanasa. Tayo rin ay 'buhay na alay sa Diyos'. Paano tayo dapat tumugon sa paanyaya ng Diyos? Dapat ba tayong tumugon hanggang sa abot ng ating kaya, o nang hindi lubos sa puso, o dapat ba tayong sumagot man lang? Sa isang banda, ang pananampalataya ay isang unique na paraan na umuugit sa loob ng ating buhay.

#### 10. Pamumuhay Araw-araw na Nakatuon sa Buhay na Walang Hanggan

Iniiisip ko kung ano ang nasa sa isip ng mga Kristiyano nong panahon ng *Kirishitan* habang sila ay nakikibahagi sa Misa sa kanilang simbahan na kilala sa pangalang Nanbanji? Hindi isinabuhay ng mga martir ang kanilang pananampalataya upang maging martir. Sa imbes, sa mga sandaling puno ng maikling kasayahan sa kanilang buhay sa pagitan ng mga pagdurusa at kalungkutan hindi nila kinalimutan na ang 'buhay sa daigdig na ito' ay ipapalit sa 'buhay na walang hanggan'.

Ang pag-aalay na tinatawag nating pagpapakamartir ay nangyari dahil sa pananampalatayang isinabuhay sa ating 'pang-araw-araw na buhay', na kasama ang pang-araw-araw na pagdarasal ng pagpuri at pasasalamat sa Diyos, ang mga pagdurusa sa buhay na kasalo sa pamilya, pang-araw-araw na trabaho at pagbibigay ng tulong sa mga kapitbahay. Ang sabi ni San Pablo "... ialay ninyo ang inyong mga katawan bilang buhay na pagsasakripisyo, na inihandog at katanggap-tanggap sa Diyos." (Roma 12:1) Ang pag-aalay na ginawa ng mga Kristiyano ay ang kanilang buong pang-araw-araw na buhay. Ito ang kahulugan ng temang "pagsasabuhay ng Misa sa pang-araw-araw na buhay." Nguni't sa ibang pagtingin, ang Misang iyon ay lumalampas sa 'pang-araw-araw na buhay' at ito ay isang seremonyang hindi kapansin-pansin (sublime) na sa ating huling mga

sandali, ang panahon ng kaligtasan ay nauna nang nakarating. Ang mga naging martir ay nagsabuhay ng kanilang pang-araw-araw na buhay sa ganitong paraan na minamataan ang buhay na walang hanggan. Samakatuwid, nang kanilang harapin ang pag-uusig, nagawa nila ang katas-taasang pagpili sa buhay na walang hanggan at hindi nila iniwan ang kanilang pananampalataya.

#### 11. *Ebanghelikong Pagpapasya*

Kayamanan, katanyagan o mga hilig sa mundong ito, isang maginhawang pamumuhay dala ng yamang pangkabuhayan, ang mga ito ay hindi masama at maaari pa nating sabihin na sila ay nakakatulong sa kagalingan at kaunlarang pangtao. Nguni't kung sa paghahabol sa kanila sila ay sumasalungat sa mga bagay na may pangdaigdigang halaga tulad ng buhay ng tao, karapatang pang-indibidwal, kapaligiran, kapayapaan at iba pa, at ang buhay na ayon sa Banal na Salita (gospel) kailangan na nating mamili. May pagkakataon na para sa kapakanan ng pamilya, mga taong nasa masamang kalagayan (distress), mga taong inaapi, katarungan, o kapayapaan, maaari nating piliin ang pagtanggì sa salapi na nasa atin na ngayon, o pagtanggì sa pagkakataon na magkaroon ng mas magandang buhay sa hinaharap, o ang pagsasakripisyo ng lahat; at may mga ganyang panahon.

Magkakaroon tayo ng pagkakataon na piliin ang pag-ibig ng Diyos hanggang tayo ay mamatay. Kung maibuhay man natin ang buhay na bigay ng Diyos na balot ng yaman o kapayakan: ang tuksong yon ay nakatago sa bawa't pagpili. Ang pagkakaroon ng pusong puno ng pag-ibig sa lahat ng tao, na pinayabong ng dasal at pagsisisi, kung sa panahon man ng pangangailangan kailangan kong piliin ang pag-ibig ng Diyos anuman ang kabayaran, o talikuran yon ang tunay na pag-uusig ay pareho ring malapit. Ang limampu't dalawang mga martir na itinali sa dalawampu't pitong krus sa pangpang ng ilog Kamo sa Rokujo ay hindi tumanggi sa pagkakataon na piliin ang pag-ibig ng Diyos at sila ay umahon ng may tunay na pagpapasya sa maluwalhating daan papuntang buhay na walang hanggan.

#### 12. Pagsalubong sa 'Taon para kay San Pablo de Apostol'

Para maipagdiwang ang ika-200 taon ng kapanganakan ni San Pablo de Apostol, itinalaga ni Papa Benedict XVI ang taon na mula sa pista ng San Pedro at San Pablo sa 2008 (Hunyo 29) hanggang sa kaparehong araw sa 2009 bilang ‘Taon para kay San Pablo de Apostol’.<sup>6</sup> Paulit-ulit na sinabi ni San Pablo na ‘Hindi ko dapat sayangin ang biyaya ng Diyos.’ Sana ay hindi natin sayangin ang biyaya ng ating pananampalataya, sa ating pagdiriwang ng beyatipiskasyon ni ‘Pedro Kibe at ang 187 iba pang mga martir,’ sa ipinagpapatuloy natin na tayo ay ipinadala ng espiritu ng *maruchiru* nang may ‘bagong sigla at loobin’, ‘bagong pamamaraan’, ‘bagong pagpapaliwanag’, sa ‘Bagong Ebanghelisasyon’ ‘Ang dugo ng mga martir ay naging punla ng Simbahan (ang gawa ng ‘martirio’). Sana tayo din, matapang na isinasabuhay ang ‘kasalukuyang pagpapakamartir’, ay magsalin ng espiritu ng *maruchiru* sa susunod na henerasyon ng Simbahang Hapones.

Sa taong ito, muli nating ihandog ang pag-unlad ng ebanghelisasyon sa Diyosesis ng Kyoto sa Diyos Ama sa pamamagitan ng tulong ni Maria Ina ng Diyos at ipagpatuloy natin ang pagdarasal sa pamamagitan Niya, ang Reyna ng Kapayapaan para sa Kapayapaan sa buong daigdig.

Enero 1, 2008, sa Kataimtiman ni Maria, Ina ng Diyos.

---

<sup>1</sup> *Maruchiru*, tingnan ang ika-apat na talata.

<sup>2</sup> Ang *Kirishitan* ay pagsasalin ng Chinese na pagsulat 切(kiri), 支(shi), 丹(tan), na ginamit upang bigkasin ang salitang “Christian” na siyang naging salitang Hapones noong siglo 16 at 17.

<sup>3</sup> *Yuki Ryougo*, inilathala ng Bulwagan ng Pag-alala sa 26 Santong Hapones, ikatlong edisyon, 2007.

<sup>4</sup> (Komite na nagsisiyasat sa beyatipikasyon ng mga Martir, Central Catholic Church Council, 2007)

<sup>5</sup> Ang *paraiso* ay salitang Portuges na siyang ginamit nang may kaparehong tunog sa Nihonggo.

<sup>6</sup> Ipinahayag ito ni Papa Benedict XVI sa kanyang sermon sa unang bisperas ng pista nina San Pedro at San Pablo, Hunyo 28, 2007. Sa katunayan, sinasabi ng mga historian na si San Pablo ay ipinanganak sa pagitan ng AD 7 at AD 10.